Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT
Intramuros, Manila

Certificate Number: AJA15-0048

MENSAHE

Binabati ko ang buong pamilya ng Department of Labor and Employment ng isang maligayang paggunita sa ika-87 anibersaryo ng ating mahal na kagawaran.

Lubos ang aking pasasalamat dahil sa kabila ng mga mabibigat na pagsubok ay nananatiling kapakipakinabang ang ating ahensiya para sa mga manggagawang Pilipino sa loob at labas ng bansa.

Higit sa lahat, taus-puso ang aking pasasalamat sa lahat ng bumubuo ng DOLE dahil bunsod ng kanilang pagkakaisa sa gitna ng pandemya ay naihahatid natin ang mga tulong na kinakailangan ng mga obrero.

Matindi ang mga hamon na dumating at darating sa kagawaran ngunit handa itong sumagot sa tawag ng tungkulin dahil na rin sa ating matatag na samahan.

Umaasa ako na sa pamamagitan ng pag-iingat at pagsunod sa mga alituntunin ukol sa ligtas na paghahanapbuhay ay maipagpapatuloy natin ang sama-samang pagkilos upang maisulong ang kapakanan ng ating mga manggagawa.

Ang kinabukasan ng ating bayan ay nakasalalay sa bayanihang pagtugon sa bagong panahon.

Maligayang anibersaryo sa inyong lahat!

SILVESTRE H. BELLO III
Kalihim
Kagawaran ng Paggawa at Empleyo

Dept. of Labor & Employment
Office of the Secretary
036400